


# NSW FIRE BRIGADES

## KALIGTASAN SA KIMIKONG PANGSAMBDAHAYAN

Fact Sheet 23 Community Risk Management. Revised 1/11/2005



### KATOTOHANAN

Noong 2001, mayroong 4,958 mga pangyayari ng di-sinasadyang pagkalason na nangailangan ng pagpapa-ospital ng maraming biktima na karamihan ay mga bata.

Ang Pundasyon ng Australia para sa Pag-iingat sa mga Aksidenteng Pambata ay nag-ulat na humigit-kumulang sa 50 bata ang naospital linggu-linggo dahil sa pagkakalason. Ang mga kimiko ay hindi lamang ginagamit sa paggawa ng mga produkto at sa mabigat na industriya, kundi ang mga ito ay bahagi ng pangaraw-araw na buhay. Ang mga produktong ginagamit natin sa paglilinis ng kusina, sa paglalaba ng damit at paghuhugas ng mga plato, sa pagkontrol ng mga salot at pagpapataba ng mga hardin ay mga kimiko, gayundin ang pintura, ang mga papakintab ng mga kotse at mga muwebles, klorin na gamit sa palanguyan, gasolina, langis ng makina, likidong pangpreno, at gas na gamit sa pagluluto.

Maraming mga produktong ginagamit sa ating mga sambahayan ang hindi natin kilala bilang mga kimiko.

- ❑ mga sabon, siyampu, mga pang-alis ng amoy na di kawili-wili at mga pabango, mga gamot, sirup pang-lunas ng ubo at mga nirisetang gamot, damong gamot at mga organikong produktong panglinis.

Mahalaga na tamang itabi at gamitin ang mga kimiko nang angkop at sang-ayon sa mga tagubilin.

**Ang mga kimiko ay maaaring makalason, magliyab o sumiklab kapag hinalo.**

### MGA PAYO PARA SA LIGTAS NA PAG-IMBAK AT PAGGAMIT NG KIMIKO

Panatilihin ligtas ang inyong tahanan! Ang sumusunod ay isang madaling-intindiing listahan ng mga bagay para sa kaligtasan na nirekomenda ng mga Brigadang Pangsunog ng NSW:

- ✓ **BASAHIN ANG TATAK O ETIKETA** bago bilhin ang anumang kimiko. Unawain ang wastong gamit at mga panganib sa paggamit ng mga ito.
- ✓ **PILIIN** ang mga produktong may pinakamaliit na panganib sa paggamit, lalo na kung may mga bata sa sambahayan
- ✓ **ITAGO AT ISUSI** ang mga kimiko sa loob ng kabinet na hindi maaabot ng mga bata. **ITAGO** ang mga mapanganib na kimiko sa patungan ng kabinet. **TANDAAN** na ang mga bata ay mausyuso, mapaglikha at magaling sa akyatan.
- ✓ **SUNDIN** ang mga **TAGUBILIN** ng gumawa ng produkto. Tratuhan ito nang may matinding **PAG-IINGAT**. Gamitin ang nirekomendang kagamitang pamprotekt: guwantes, salaming dekolor sa mata, atbp. Tiyakin na may hustong **SARIWANG HANGIN**.
- ✓ **HUGASAN** ang mga basahan pagkatapos gamitin bago itapon ang mga ito sa basurahan.
- ✓ **TAKPANG MAHIGPIT** ang mga lalagyan ng kimiko. **MALIWANAG** na tatakan ang lahat ng mga lalagyan.
- ✓ **TANDAAN** na ang ibang mga gamot ay mukhang **PAGKAIN** o **INUMIN**. **ITAGO** ang mga ito na hindi maaabot ng mga bata.
- × **HUWAG** pagsama-samahin ang mga kimiko.
- × **HUWAG MAGHANDA** ng kimiko nang higit sa kailangang gamitin.
- × **HUWAG** gamitin ang kimiko sa mga trabahong hindi ito akma.
- × **HUWAG** ibuhos ang kimiko sa daluyan ng tubig, sa kubeta o sa kanal.

### PAGKILOS

**NA-INSPEKSIYON** ba ninyo ang inyong imbakan ng kimiko at mga takip ng mga lalagyan kailan lamang?

- ❑ **NAKIPAG-ALAM** ba kayo sa inyong lokal ng konseho upang **ITAPON** ang mga luma o natirang kimiko?  
Alamin: [http://www.nsw.gov.au/cleanout/chemical\\_collection.htm](http://www.nsw.gov.au/cleanout/chemical_collection.htm)
- ❑ **SUNDIN** ang mga tagubilin sa pangunahing panlunas. Kung ang balat o mga mata ay **NASUNOG**, kung ang kimiko ay **NALUNOK** o **NAKAIN** o kung ang usok ay **NALANGHAP** – kagyat na kumunsulta at magpatingin sa doktor.
- ❑ **TANDAAN** ang **LINYANG PANG-IMPORMASYON TUNGKOL SA LASON (POISONS INFORMATION LINE): 131 126**

PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TAWAGAN ANG INYONG LOKAL NA ISTASYON NG BRIGADANG PANGSUNOG

o bumisita sa: [www.fire.nsw.gov.au](http://www.fire.nsw.gov.au)

**SA ISANG KAGIPITAN TUMAWAG SA 000**